

Hunyo 25, 2025

Mahalagang paunawa mula sa Departamento ng mga Serbisyon
Pangkautlaran (Department of Developmental Services) tungkol sa:

G-2025-Pamamahala ng Kaso-002 Kodigo ng Serbisyo sa Pangkapaligirang Aksesibilidad 104

Ano ang Dapat Malaman

Kung kailangan ng isang tao na gumawa ng mga pagbabago sa kanilang tahanan upang maging mas malaya o ligtas, makakatulong ang mga sentrong pangrehiyon. Ang mga kumpanya ay tinatawag na tagapagbigay ng serbisyo o bendedor. Tinutulungan ng mga kumpanyang ito ang mga taong may kapansanan sa pag-unlad na manatiling ligtas at mas madaling lumipat sa kanilang mga tahanan. Ipinapaliwanag ng liham na ito kung paano dapat gamitin ng mga sentrong pangrehiyon ang serbisyon ito. Ang serbisyon ito ay tinatawag na Pangkapaligirang Aksesibilidad (Environmental Accessibility). Maaaring singilin ng mga bendedor ang sentrong pangrehiyon gamit ang kodigo ng serbisyo 104.

Makakatulong ang serbisyon ito sa mga bagay tulad ng:

- Pagdaragdag ng mga rampa
- Pag-install ng mga grab bar
- Pagpapalawak ng mga pintuan
- Pagpapalit ng mga banyo para mas madaling gamitin ang mga ito
- Pag-set up ng espesyal na de-kuryente o pagtutubero para sa mga medikal na gamitan

Hindi kasama sa kodigo ang mga pangkalahatang bagay na hindi nauugnay sa kapansanan ng isang tao:

- Pagdaragdag ng bagong karpit
- Pag-aayos ng bubong
- Air conditioning
- Pagpapalaki ng bahay

Ang anumang pagbabago sa mga tahanan ay dapat sumunod sa mga batas sa lokal at estado sa pagtatayo. Ang mga bendedor ay dapat may mga tamang lisensya, sertipikasyon, at permiso sa negosyo para gawin ang trabaho.

Mga tanong?

Kung mayroon kang mga tanong, kausapin ang iyong tagapag-ugnay ng serbisyo para matuto pa.

Matuto Pa

Upang mahanap ang iyong lokal na sentrong pangrehiyon, pakibisita ang:

<https://www.dds.ca.gov/rc/lookup-rcs-by-county/>

Upang makipag-ugnayan sa iyong lokal na sentrong pangrehiyon, pakibisita ang:

<https://www.dds.ca.gov/rc/listings/>